
# Mga Karapatang Pantao sa Chetwynd

Ang **Chetwynd** ay tahanan para sa

**2,302** tao



Simula 2021,
- 26% ng mga naninirahan sa Chetwynd ay Indigenous
- 12% ay visible minorities

↑**69%** ay Indigenous at visible minority populations

2016 → 2021

## Kolonisasyon, diskriminasyon, at kasuklaman sa Chetwynd

Ang rasismo at diskriminasyon laban sa mga Indigenous na tao, mga táong bagong dating, mga mga kababaihan, at LGBTQ2SAI+ na mga tao ay mga paghahamon sa mga karapatang pantao sa Chetwynd. Ang kolonyalismo ay may malaking epekto sa rasismo at diskriminasyon na nararanasan ng mga Indigenous na tao sa Chetwynd.

### Anti-Indigenous na rasismo sa edukasyon

May mga puwang sa mga oportunidad sa edukasyon para sa mga Indigenous na estudyante

**Karaniwang rate ng graduation**




*Paunawa: Ang gap na ito ay paliit nang paliit sa paglipas ng panahon.

## "Boom and bust" na ekonomiya at mga karapatang pantao

Ang isang boom and bust na ekonomiya ay kadalasang nauuwi sa pagbagu-bago ng access sa mga kinakailangang bagay tulad ng pagkain, pamamahay, health care, at edukasyon.

Malaki ang naging pagbago-bago sa unemployment rate sa Chetwynd sa nakaraang 20 taon.

Noong 2021, ang unemployment rate ay **7.1%***

*Ito'y malamang na tumaas simula noong Abril 2023 nang nagsara ang Canfor sawmill.

British Columbia's
**Office of the Human Rights Commissioner**


[Filipino]

Ang ekonomiya ay nakakaapekto rin sa rates ng sekswal na karahasan at karahasan dahil sa kasarian, na nararanasan ng mga kababaihan, lalo na ng mga Indigenous na kababaihan.

> Halos puro non-Indigenous na mga kalalakihan ang [nagpupunta] sa aming lugar, at napakaraming mga insidente ng sekswal na karahasan laban sa mga kababaihan at mga batang babae ang hindi... nirereport, na hindi nalalaman ng iba pero nalalaman namin. —mula sa isang miyembro ng Komunidad

## Access sa health care

Ang pangangailangang magbiyahe para makakuha ng mga medikal na serbisyo ay isang isyu ng mga karapatang pantao sa Chetwynd. Halimbawa, ang ospital ay kadalasang nagsasagawa ng diversion, ibig sabihin ay ipinapadala sa ibang ospital ang mga emergency na pasyente.




## Tungkol sa Office of the Human Rights Commissioner ng BC

Sa ilalim ng *Kodigo ng mga Karapatang Pantao* ng B.C., ang Human Rights Commissioner ng B.C. ang siyang may pananagutan sa pagtaguyod at pagprotekta ng mga karapatang pantao sa province. Makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa aming Tanggapan sa bchumanrights.ca

### Ang BCOHRC Baseline project sa Chetwynd

Ang Baseline Project ay isang community-based research project na nagtatagal nang ilang taon; sa pamamagitan nito ay nilalayon ng Office of the Human Rights Commissioner (BCOHRC) ng B.C. na maunawaan ang sitwasyon ng mga karapatang pantao sa B.C. Ang Chetwynd ay isa sa apat na mga komunidad na madetalye naming ineksamin. Ang trabahong ito ay hindi sana naging posible kung hindi kasali ang Tansi Friendship Centre Society -- ang Community partner ng Chetwynd.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kasaysayan ng mga karapatang pantao sa Chetwynd, mangyaring konsultahin ang Chilliwack Community Brief sa baseline.bchumanrights.ca/chetwynd